**Q:** Can you confirm po na magdo-donate daw ang Chinese government ng test kits, surgical mask at personal protective equipment.

**SEC. NOGRALES:** Wala pa hong clearance magbigay ng confirmation or statement tungkol po sa donations from China. Hintayin na lang po natin iyong IATF na magbigay ng announcement.

**Q:** Sir, i-clarify ko lang din po, kung paano po iyong guidelines if umabot po sa punto na magkaroon ng rationing of food supplies sa mga nasasakupan?

**SEC. NOGRALES:** Kaya nga po kung napansin ninyo, kagabi, sinabi po namin na isa sa mga hakbang na ginagawa ng IATF is that mayroon po tayong mga response clusters ng NDRRMC, national, regional and local levels at sila po ay magpa-plano na for the worst case scenario, tapos mayroon din po tayong rehabilitation and recovery cluster kung saan sila po iyong magde-develop ng resiliency and recovery plan. Lahat po iyan kasama doon sa National Disaster Risk Reduction Planning na ginagawa po natin. So, may protocols din po tayo doon at naumpisaan na po natin ang protocols down to the local level.

**Q:** Sir, ano naman po ang assessment ng Palace sa implementation ng LGUs sa community quarantine?

**SEC. NOGRALES:** So, far ano naman, nagpapasalamat kami sa lahat ng mga LGUs, na not only na sumusunod sila sa mga guidelines po natin, but gumagawa din po sila ng kanilang mga initiatives para matulungan ang kanilang mga constituents. Hindi namin magagawa sa national ito kung wala po ang tulong ng ating mga LGUs. Kaya paulit-ulit po kaming nagpapasalamat, lalung-lalo na si Pangulong Duterte nagpapasalamat sa ating mga LGUs, sa lahat ng initiatives at cooperation at support na binibigay po nila kay Pangulong Duterte at ang buong national government po.

**SEC. DAR:** Can I add something in relation to food supply. The Department of Agriculture is partnership with a good number of traders, farmers' cooperatives and association from the production areas, from the provinces. Mayroon kaming programa na Kadiwa o bagsakan dito sa

iba't-ibang lugar dito sa Metro Manila. So the LGUs can get or buy the food supply for their respective constituents. So, that is one of the responsibilities that we are trying to do para iyong pagpasok talaga, unhampered movement of agriculture and fishery commodities/products must not be really disturbed. They have to reach the destination in public markets in bagsakan area, para mas may mabili dito po sa Metro Manila.

**Q:** Secretary Lopez, puwedeng pa-clarify po, ano daw po ba iyong other essential product list?

**SEC. LOPEZ:** Ito iyong the likes of disinfectants, iyong mga clorox, sanitizer, alcohol, face mask.

**Q:** Tapos mayroon lang pong patanong dito. Ito ay involved sa food production. Since, hindi sila—makapasok agad iyong kukunin nilang supplies, puwede ba daw mag-pick up na lang doon sa lugar? For example, they are from Manila and then sila na lang magpi-pick sa Batangas. Is it possible daw po?

**SEC. LOPEZ:** Anong food supply iyon, ibig sabihin raw materials?

**Q:** Yeah, raw material po for food production.

**SEC. LOPEZ:** Actually puwede namang i-deliver ng taga-Batangas. Again, inuulit natin iyong unhampered. Nagkaroon lang talaga, admittedly may mga report sa atin na minsan hindi pinapadaan sa mga ibang controlled points. At iba-iba iyong applications, siguro hindi malinaw sa ibang controlled points na talagang naka-depende tayo sa pulis o army na nakabantay doon eh, iyong tao mismo, so minsan baka iba nakita nila or interpretation nila. But, inuulit po natin ngayon at kagabi kasama natin si General Archie Gamboa, nag-agree naman siya na talagang pagdating sa cargo eh patutuluyin na dapat iyan, wala nang tanong iyan except of course, babasahin nila kung saan ang delivery at saka ano iyong laman at kung tapos na iyong delivery wala nang laman, siyempre allowed silang pabalikin. So malinaw ho iyan na dapat unhampered na. Ngayon, kailangang ma-cascade ho itong mabuti sa lahat ng control points at iyon po napakaimportanteng ma-implement po iyon, iyong mga cargo natin at ia-allow po iyan.

**SEC. DAR:** Let me again add what have been mentioned. Kagabi nga mayroong decision ang IATF na talagang unhampered po iyong movement of cargoes, and we say agri products, fishery products, inputs na kailangan sa pagsasaka, lahat po iyon, iyong mg tao na involved ay kasama na rin na movement. But always be guided by the skeletal force, para we are preventing talaga iyong mga masyadong marami, but at the same time observing social distancing measures as well. Now let me mention na mayroon pa rin kami ginagawa na food pass plan na ibibigay dito sa mga truckers ng mga goods coming from the provinces at I understand, mayroon nang two lanes na ginagamit sa mga checkpoints na commuter lane at the same time, the other lane is cargo lane. So, this is a good improvement since yesterday and we really commend our partners, the DILG and the PNP, for implementing what have been approved last night.

**SEC. LOPEZ:** I may add also regarding the cargo. Napag-agree-han din namin kahapon na dahil nga if we believed na unhampered, so kailangan mabilis iyan so nag-agree din na puwedeng random checking. Ibig sabihin, hindi na lahat ng cargo tse-tsekin. Kaya

nagpapasalamat kami sa DILG, saka PNP and the army, I mean AFP, dahil kanina may mga balita rin naman, we are getting feedback na may mga mabilis na iyong galaw kaysa kahapon. Mas mayroong mga mabibilis na galaw pagdaan ng mga cargo in the controlled points kasi nagra-random checking na. At mayroon pa rin tayong mga report na may mga problema. Pero siguro today, mga tatlo o apat iyong na-received naming may problema, which I assumed generally speaking medyo mas mabilis na ngayon.

**Q:** Sir based doon sa recommendation ninyo na puwedeng, iyong mga workers na puwedeng ilagay na lang sa isang area or mayroong shuttle, which is better? Shuttle service para doon sa mga employees, Sir.

**SEC. LOPEZ:** OO puwede rin po. Ang first default, lalo na dito sa manufacturing sana ma-house na nila para wala nang bumibiyahe.

**Q:** So, mas maganda poi yon, kasi ang isang problem nila is saan sila makikipag-coordinate doon sa shuttle. Kasi dadaan din lahat iyong sa checkpoint.

**SEC. LOPEZ:** Okay. So, ganito... So, mayroon muna silang house arrangement nearby or inside the company premises or maka-arrange ng shuttle iyong kompanya nila. Maaaring may shuttle, may pick-up points sa mga critical areas at doon na lang sila susunduin. So, ini-encourage natin iyong mga companies na mag-ano niyan. Plus, also—we encourage also iyong mga LGUs nila na tulungan sila.

**AILEEN TALIPING/ABANTE TONITE:** Yes, sir, iyong coordination nga daw po sir, kasi kapag pupunta sila sa isang area makaka – siyempre, may madadaanan silang checkpoints – so, kanino sila makikipag-coordinate?

**SEC. LOPEZ:** Doon sa checkpoints, again, ang requirement nila iyong ID. So, walang issue doon sa checkpoints kasi bawat tao hahanapan ng proof of employment, ID or certificate of employment. So, kahit nandoon siya sa shuttle bus or nasa sasakyan siya na nai-provide ng LGU, ganoon pa rin hahanapan, tatanungin siya kaya ho importante—ano iyon... iyong sa LGU, iyong resident na ang makikipag-arrange noon.

**AILEEN TALIPING/ABANTE TONITE:** Sir, iyong companies magbibigay ng shuttle para sunduin iyong mga tao nila?

**SEC. LOPEZ:** Correct. Iyong company can also do that, iyong sinabi ko kanina. And also, the person involved can also coordinate with their barangay official – baka may barangay na sasakyan, or the mayor. Ayun, mayroong mga ganoon, baka mayroong point to point na mga paghatid. So, iyon ho iyong mga matutulong from the LGU; iyong kompanya rin can also provide for shuttle vehicles.

**AILEEN TALIPING/ABANTE TONITE:** Thank you, sir.

**HUANG ZHENG ZHENG/CCTV:** Hello, Secretaries! Thank you for taking my question. First, the question I would like to address to Secretary Nograles. You mentioned that WHO said

that we may have a worst scenario, so, if we are under this situation—right now, we have the Enhanced Community Quarantine, is the policy will be upgraded or we will have... extend one maybe, I mean, this will end on April so, maybe it will be extended to one more month something like that?

**SEC. NOGRALES:** No, the modeling done by the WHO was before the Enhanced Community Quarantine and before we declared the sub-level 2—red alert sub-level 2, so, because of the modeling and the data that were shown to us by the WHO, that was what prompted us to up our alert level 2—sub-level 2 and eventually the state of calamity and everything that ensued after that.

So, since then we haven't gotten a new modeling from WHO, based on our new quarantine procedures or the Enhanced Community Quarantine that we are implementing now

**HUANG ZHENG ZHENG/CCTV:** So, this Enhanced Community Quarantine is the highest level we have—

**SEC. NOGRALES:** Is it the highest? Technically – no, because even us—even in the barangays they could—we could have Enhanced Community Quarantine per barangays. Right now, it's an Enhanced Community Quarantine for the entire Luzon but based on some reports that I heard, there are some barangays that already declared an Enhanced Community Quarantine in their barangay. So, that would limit the—or target the Enhanced Community Quarantine on per barangay or per town basis. Okay.

**HUANG ZHENG ZHENG/CCTV:** And another one. I would like to also know about the hospitals because I heard in some news that we will have the Philippine Lung Center as a designated hospital, especially for the COVID-19 cases. So, this hospital, how many beds they can provide? Is it enough? If not enough, do we have any plan B?

**SEC. NOGRALES:** I don't know what the DoH is planning to do with the Lung Center. I have not heard anything from the DoH – the Department of Health, with regard to exclusively using the Lung Center for this.

**HUANG ZHENG ZHENG/CCTV:** Okay—

**SEC. NOGRALES:** Is that the question? You heard news that they will exclusively use the Lung Center?

**HUANG ZHENG ZHENG/CCTV:** Yeah, I heard that before, if I'm not wrong—

**SEC. NOGRALES:** Let me verify that but... Well, we have an Inter-Agency Task Force meeting tomorrow so, let me verify that report if ever that's true. I personally did not hear.

**HUANG ZHENG ZHENG/CCTV:** Okay. Thank you so much. May I have one more question about the supply for the face masks because during the stage when I do interview on the street, I saw most of the people even if they wear a face mask, but it's not the proper one, they wear the

cotton one. The cotton one is not the proper face mask, we need to wear the surgical face mask and N95 face mask. So, I would like to know how is the storage (Supply?) of the face mask right now in the Philippines? How many were left of the supply?

**SEC. NOGRALES:** The details for that, the DoH would know more. But as I know it, there have been donations of face masks that are coming in. Again, I'm not at liberty to divulge that, maybe after the IATF meeting tomorrow. We'll have more details with regard to that and we could probably share more of those details tomorrow.

**HUANG ZHENG ZHENG/CCTV:** Okay, thank you so much. Thank you!

**SEC. NOGRALES:** Secretary Mon Lopez would like to say something.

**SEC. LOPEZ:** I can give you an update because we are at least get—aside from what DoH is getting from various sources, we are also supplying DoH and the public by talking to the supplier based here in Bataan and that we have made arrangement that they will supply Philippines two million for the rest—two million face mask for the rest of March and another three million for April. We will have another request to increase the preposition and the allotment for Philippines, since we recognize that even these numbers are not enough to provide for all the Filipinos.

**USEC. ARCENA:** Okay. Thank you, Yellow. From Philippine Star, Ace Romero to Secretary Dar: Is there a chance na ma-expand pa iyong list of agricultural goods na may SRP? If yes, ano po puwedeng isama sa mga existing na? What would prod the DA to expand the list of products with SRP?

**SEC. DAR:** Well, the very rational for expanding it at all would be the actual situation in the market. But at the same time, we are already starting to review what we have, you know, for the last three months, so that in due time we will discuss this with the National Council. So, we are ready but we are still firming up our recommendations.

**SEC. LOPEZ:** Usec., about the mask, I just got an update about the mask. Out of the two million last week, three hundred thousand was delivered already to DoH and a hundred thousand tomorrow for DoH.

**USEC. ARCENA:** Thank you, sir. From Joyce Balancio of DZMM: Suggestion from a concerned citizen. Baka po puwedeng i-subsidized na lang ng government ang PUJs para sila na lang ang maghatid sa health workers. Two birds in one stone: Nakatulong kay Manong driver, makakahatid pa raw po ng health workers.

**SEC. NOGRALES:** Actually, parang iyon na iyong implied suggestion ko doon sa question doon sa tricycle, hindi ba? Implied suggestion for LGUs.

**SEC. LOPEZ:** In the—spox—spox na rin eh ano? (laughs) In the IATF yesterday I remember the AFP – the Philippine Army, will be providing also vehicles para tulungan iyong mga stranded na health workers. Kaya ngayon I think wala na tayong nakitang mga stranded ngayong

araw na ito, natulungan na sila ng mga buses ng Navy, Army, Air Force para—dito sa mga priority nga na health workers.

Yes. And I would also like to add, even the Department of Transportation po at ang MMDA din po ay gumagawa na rin ng mga initiatives. So, as far as the national government is concerned, mayroon naman pong mga initiatives ang national government. So, sa LGUs, ganoon din, soft ano rin po suggestion, as opposed to a tricycle.

**ASEC. ARCENA:** Sir, from Joyce Balancio pa rin po: Sa bank po na ma pasok, hindi po ba puwedeng gawin exempted sa papasukin ang may mga special condition gaya nang kapag buntis? Kasi mayroon daw pong isang bangko sa Cavite na pinapapasok daw ng employer nila dahil hindi naman sila exempted, pero ayaw sana ng employee dahil buntis daw siya?

**SEC. LOPEZ:** Siguro kailangang makausap ng DOLE iyong employer dahil—if I remember diniskas din ito na may priority na ibibigay doon sa mga buntis at may kundisyon na huwag silang i-require na magtrabaho sa panahong ito. So i-clarify lang natin with DOLE iyan.

**ASEC. ARCENA:** From Maricel Halili and Joseph Morong of GMA 7: Comment daw po on why certain personalities and politicians who are asymptomatic get tested anyway doon sa COVID daw po?

**SEC. LOPEZ:** So anong tanong, dahil personality sila?

**ASEC. ARCENA:** Yes, sir. Bakit daw po may mga senador, may mga personalities kahit na asymptomatic daw po ay pinayagan na mag-test kung limited talaga iyong test kit natin?

**SEC. LOPEZ:** Baka na-expose sila

**SEC. NOGRALES:** Yeah, hindi natin alam ang circumstances kasi, ang hirap sagutin.

**SEC. LOPEZ:** Baka na-expose o nagduda, baka nagpa-check.

**ASEC. ARCENA:** Okay, sir. From Racquel Bayan ng Radyo Pilipinas: For Secretary Lopez: DTI has been saying na enough ang alcohol supply natin. But until now ay maraming groceries and supermarkets ang walang alcohol, even face mask. Last month, Palace assured na mayroong mga local manufacturers na nag-pledge to double their productions but until now po ay may mga pharmacies pa rin and drug stores na wala pa rin daw pong supply.

**SEC. LOPEZ:** Racquel, admittedly, pagdating sa face mask, kahit—actually, iyong dating commitment ng local supplier ay 1.6 million – naalala ko iyon – ngayon ay ginawang five million. Kaya ngayon pa lang natin makikita itong parating na bigger quantity. But even looking at this quantity, naka-prioritize din po ito sa DOH at saka sa Red Cross for the health workers. Kaya ho iyong naa-allocate sa mga drug stores, medyo kaunti na lang po.

So we really need more sources. At ang ating PITC, iyong Philippine International Trading Corporation, may mga pending requests from India. So iyon po ang hinihintay natin ngayon para

maramihan na iyong orders. From what I heard, iyong sa India, over 2.5 million masks – wala pa nga lang dito pero tinatrabaho po natin. At ito po, hindi government ang bumibili, we're buying this in behalf lang of the Mercury and the South Star and TGP.

**ASEC. ARCENA:** Mayroon pa tayong isang tanong mula sa China Radio International, Ernest Wang. Good evening.

ERNEST WANG/CHINA RADIO INTERNATIONAL: Yes, good evening. As we know, during the enhanced community quarantine, I'm afraid that a lot of companies closed and maybe the temporary workers will lose their jobs. But during this period, you need money to pay for the electronic, to buy some medicine and some foods. So my question is: (Unclear), does government has any plan to help them not only in the food supply but for other areas? And if the quarantine will extend, do you have Plan B to help those low income families or jobless families? Thank you.

**SEC. NOGRALES:** Well, first of all, we've already made the pronouncement that employees should not be fired or terminated just because of absence due to COVID-19. That being said, as we announced yesterday, technical working group composed of involved departments has already been formed to create social amelioration packages. So this is composed of the different departments who will now discuss the best means to provide for those who are unable to work and have no means of support.

In the meantime, because we are under a state of calamity, the local government units can already tap-in to their Quick Response Fund. And it is up to the local government units to determine the process and way of providing relief and food assistance to their constituents who are affected. So, the system of providing and distributing the assistance to their respective constituents will be done, first, by the local government units, and this will be augmented by our national government through the DSWD.

So those are the three ways wherein we provide for those …our kababayan who need help the most.

**ASEC. ARCENA:** Thank you, Ernest. Phone-in question from Ms. Tina Mendez of Philippine Star: For Sec Lopez, can cargo trucks, other than those carrying food, medicines and basic necessities, destined for grocery stores allowed on the road, for example, cargo of constructions materials?

**SEC. LOPEZ:** As of now, yes. In terms of when we say cargoes, all cargoes should be unhampered 'no, so they're allowed. But kanina lang mayroon ding nagtanong sa akin, trying to deliver cement, nagpaalam din sila, so sabi ko, as much as possible, kung cement iyan, huwag na para hindi na makadagdag sa mga tsi-tsek-apin ng kapulisan.

So ideally, those not connected with food, like they are not raw material or inputs to food production or medicine, medical product production, to help the country and not avoid the possible spread and transmission of the disease. Ito po … this really, you know, a difficult problem we're facing kaya po we are very, very careful. While we want to stay afloat pagdating

sa mga manufacturing ng basic essentials, beyond that, dapat talaga stay at home tayo para talagang mabawasan itong problemang ito.

**ASEC. ARCENA:** Sir, another phone in question: Can we include in guidelines not to allow seniors and children in supermarkets?

**SEC. NOGRALES:** Nasa do's and dont's, nakalagay po doon na no senior citizens should leave their homes for their protection. So senior citizen, 60 years old and above, number one.

Number two, siguro pasok na rin siguro sa guidelines iyong isa lang po ang puwedeng lumabas ng bahay para sa pagbili ng mga basic necessities 'no, at siyempre hindi naman puwede iyong bata na mag-isa ang uutusan mo para bumili ng basic necessities.

**ASEC. ARCENA:** Sir, from Jona (unclear) of Asahi Shimbun: Are there restrictions for the entry non-Filipino citizens, say, Japanese nationals, into the other parts of the Philippines? Are there any special requirements for inbound international travelers in the Visayas or Mindanao?

**SEC. NOGRALES:** Oo, kung ano lang iyong ano … kung ano lang iyong nararapat, based on the guidelines, we just follow that.

**ASEC. ARCENA:** Okay, sir. May isa pang tanong tayo from Guangming Daily, China. Mr. (unclear), good evening.

GUANGMING DAILY CHINA: Good evening. From Chinese newspaper, Guangming Daily. For Secretary Lopez, what do you think of the Chinese market during and after the epidemic? And how do you think it will affect the Philippine economy? Thank you.

**SEC. LOPEZ:** Can you repeat the last part? How it will effect?

**ASEC. ARCENA:** The Philippine economy.

**SEC. LOPEZ:** Okay, thank you. First, prior to all these moves to put the country in community quarantine, from general to enhanced, we were all happy to be hearing that some parts of China were recovering; they were going back to normalcy outside Wuhan and Hubei. There are so many provinces already opening up, and we heard that their back to about 80%, 90% capacity. And we're happy that we were hopefully solving already some supply chain constraints.

Unfortunately we have a different situation in the country and we are trying to avoid the worsening of this COVID-19. We don't want to reach the worse situation and we are trying to nip it at the bud, I mean solving it as early as possible. As the President said, time is of the essence, we have to do it now, before it gets to be at a thousand level or uncontrollable number and so frankly we cannot benefit from any recovery that China is experiencing, because the country is as mentioned as you would know is on enhanced community quarantine. I guess except those related to the food business, which again is still open for business.

**Q:** Do you have confidence on the Philippine economy on the future?

**SEC. LOPEZ:** Oh, yes definitely. But it's really important that we solve the issue now on COVID-19 and at least flatten the curb in term of number of cases and hopefully eliminate the COVID-19.Only then can we really work on the rehabilitation, the bouncing back so to speak, and implement all these programs. We have a very solid economic fundamentals before this happened and as you know, we were growing over 6% already and initially we were computing—the NEDA has the computation that the impact would be about 1 percentage points, but now things are different, we will have to make another computation because of the enhanced community quarantine. So, it's a different situation now. Now, health is of greater concern now.

**ASEC. ARCENA:** Phone-in question from DZXL-RMN, Angel Ronquillo: Paano daw po ba kung mapapaso na o mag-expire na ang rehistro ng sasakyan, hindi daw po ba iyon huhulihin o wala po bang penalty, kasi may ilang exempted po sa ECQ ang gumagamit ng sari-sarili nilang sasakyan?

**SEC. NOGRALES:** Siguro, I think, that's the least of our concerns now. I think, right now, ano naman iyan, we will make adjustment. Those are things na right now, puwede naman nating—iyong buhay muna, doon muna. Iyong buhay muna ng bawat Pilipino, iyon muna iyong focus natin.

**ASEC. ARCENA:** Question, sir from CNN Philippines: What measures are in place para hindi tayo malusutan ng contrabands like drugs, considering na random checking na lang ang gagawin.

**SEC. NOGRALES:** Nakita ninyo naman sa kalsada natin, even it's random checking makita mo iyong presence ng pulis, very effective. Pati kami, we go through those—kahit sabihin mo random checking, I think it's more effective pa nga eh!

**SEC. LOPEZ:** Noon walang ni random checking di ba sa land. Pero mayroong mga specific inspections ang mga PNP, PDEA sa iba-ibang lugar. I'm sure iyon ay tuloy-tuloy pa rin at lalo na sa Customs and other agencies.

**SEC. NOGRALES:** Alam ninyo kapag panahon ng eleksiyon nagkakaroon din ng random checkpoints at marami ring nahuhuling nagba-violate ng gun ban kapag eleksiyon. So I think it's a same set-up right now. Iyong kung ano ang practice nila kapag nagra-random checkpoint during election period, I think that is also what they are doing now. Well, huwag silang magkamali, papasok kayo ng kontrabando, mahuhuli ka talaga.

**ASEC. ARCENA:** Follow up question, sir. Is there a system like setting up lanes exclusive for cargoes?

**SEC. NOGRALES:** Nasagot na ni Sec. Dar, pero baka gusto niyang ulitin.

**SEC. DAR:** I think, I got reports from the field na dalawa na iyong linya, isang linya para sa commuters, isang linya for cargoes.

**ASEC. ARCENA:** Sir, may follow up questions lang si Joseph Morong of GMA7. Is the IATF looking at aggressive testing of COVID cases, meaning bahay-bahay lalo na sa mga may cases

na. And do we have the means to do so and how do you intend to impose social distancing measures in poor communities?

**SEC. NOGRALES:** Gaya ng sinagot ko kanina, ayaw kong pangunahan ang magiging desisyon ng IATF pagdating sa protocols. In fact, even with the IATF, I think DOH themselves can already update their own protocols depending on the need, depending on the urgency and depending also sa supply nila. So, hindi na siguro kailangang dumaan ng IATF, it's that DOH, sila po ang may expertise dito. Kami, walang doctor po sa aming tatlo, pasensiya na po. So, hindi po naming masasagot iyong the best way to do it, I think that expertise belongs to the DOH.

**ASEC. ARCENA:** For Secretary Lopez from Joseph. Statement on the BPO, puwede ba silang palusutin sa checkpoints, right or the workers?

**SEC. LOPEZ:** Oh yes, binasa po natin kanina. Iyong sa memorandum circular, pati doon sa IATF resolution na ina-allow po iyong BPO lalo na itong until March 20 na makapag-move in/move out sila, because we have asked BPO companies to make arrangement para sa kanilang either work from home or special accommodation within the area of the BPOs, para hindi na bumibiyahe ang mga BPO personnel.

**ASEC. ARCENA:** Sir, how do you intend to impose social distancing measures in 'poor communities' daw po?

**SEC. NOGRALES:** Iyong LGUs po ang aasahan natin diyan kung ano iyong pinakamainam at magiging paraan, kasi iba't-ibang LGU, iba't-ibang situation and circumstance 'no.

**ASEC. ARCENA:** Last skype caller from Paris, France, Dick Villanueva of PTV-Europe.

**SEC. NOGRALES:** Kumusta na po kayo diyan sa Paris?

**DICK VILLANUEVA/PTV EUROPE:** Hello good evening po. May pinapatanong ang mga kababayan natin dito, kasi po iyong nangyayaring enhanced community quarantine sa Pilipinas, which I believed hanggang April 14 Nagtatanong po ang mga kababayan natin dito sa France, kung puwede na silang bumiyahe sa Pilipinas after the said date. At kung sakaling puwede na po, mandatory pa rin po ba sila na sumailalim sa 14 days quarantine?

**SEC. NOGRALES:** Opo, unang-una sabi ni Pangulo lahat ng mga kababayan po natin, open po sa inyong umuwi dito sa Pilipinas, pero kailangan po nating – pagbalik po ninyo dito home quarantine po and we will strictly enforce iyong home quarantine.

**DICK VILLANUEVA/PTV EUROPE:** Okay po, iyong mga pauwi sa Pilipinas after 14th of April, puwede na po silang salubungin ng buong pamilya nila sa airport lalo na po iyong mga nanggaling sa malalayong probinsiya?

**SEC. NOGRALES:** Sorry, hindi ko nakuha iyong tanong, so it's after the community quarantine iyong tanong?

**DICK VILLANUEVA/PTV EUROPE:** Iyon po.

**SEC. NOGRALES:** Ah sorry.

**DICK VILLANUEVA/PTV EUROPE:** Kung puwede na po silang salubungin ng pamilya nila sa airport.

**SEC. NOGRALES:** Sorry, I will answer iyong first question, muna. Iyong regarding sa pag-uwi po ninyo during the quarantine period, okay siyempre, kung after the quarantine period lalong okay po. Iyong after the quarantine period po, hopefully kapag tapos na po ito at wala nang problema, siyempre magsi-change po iyong rules no. Kung okay na, so siguro ang sagot ko diyan, kapag nandoon na tayo sa point na malapit na pong matapos iyong quarantine period natin, sabihin natin ng April 14, April 13, siyempre magmi-meet po iyong IATF.

Everyday naman kaming nagme-meeting, mag a-assess naman po tayo. And during that assessment sasabihin po namin, ibabalita na lang siguro namin sa lahat kung ano iyong mga nagbago na protocols natin. So, hindi ko po talaga masasagot iyong katanungan kasi wala pa po tayo sa point na iyon, kasi day to day po iyong assessment po ang ginagawa natin. Kaya abangan na lang natin ang day to day assessment po na ginagawa ng IATF, kaya nga kahit na medyo midnight na po ngayon ay nagbibigay po kami ng mga updates sa ating mga kababayan kahit late na po at alam kong puyat kayo.

Pero ginagawa namin ito para malaman ng ating mga kababayan kung ano iyong pinaka-latest na mga hakbang, mga guidelines o mga alituntunin o iba pang mga rules na gusto po nating iparating sa ating mga kababayan.

**DICK VILLANUEVA/PTV EUROPE:** Mayroon pa pong isang tanong. Kasi mayroon ditong associations, mga organizations na sila po iyong mga tumutulong sa mga pamilya ng mga nasawi rito, iyong mga natural deaths na ibinabalik sa Pilipinas. Iyon daw pong, halimbawa nasawi sa COVID-19 or natural death na OFW, tapos ongoing pa iyong enhanced community quarantine sa Pilipinas. Papapayagan ba na maiuwi sa bansa natin iyong mga labi?

**SEC. NOGRALES:** Wala naman pong bawal po, wala po naman kaming sinasabing bawal. Wala po naman sa aming ipinagbabawal iyong mga iyon.

**DICK VILLANUEVA/PTV EUROPE:** Haimbawa iyon pong pamilya na magdadala ng body, required po ba siya na sasailalim din po ba sa 14 days quarantine during the enhanced community quarantine?

**SEC. NOGRALES:** Opo, kailangan pong sumunod sa mga quarantine protocols po natin, home quarantine po, iyong home quarantine na inuutos. Iyong sinasabi na mga labi, kasi nakalagay nga po sa do’s po natin, iyong maaring gawin, iyong funeral po at internment services ay patuloy pa rin naman po.

**DICK VILLANUEVA/PTV EUROPE:** Okay, marami pong salamat

**SEC. NOGRALES:** Mag-ingat po kayo diyan sa Paris, lalo na.

**ASEC. ARCENA:** Sir may patanong po. May nagpapatanong lang sana, regarding the IDs given its impending effectivity. Are ban-exempted private entities included and that their employees should also apply with PCOO, if so are there guidelines already?

SEC.LOPEZ: Iyong kanina, at least bawat agency iyong constituents po namin, we will be issuing IDs, I think in three days or four days. So, we are getting right now iyong list ng skeletal force ng bawat companies that are allowed to continue iyong mga food, iyong mga binanggit nating very essential, the basic food, medical products. So kukunin po iyong listahan na ito at saka of course the list of the companies pati iyong mga pangalan nung mga employees na papasukin nila and bibigyan po natin ng ID iyon. In the meantime, dadalhin nila iyong kanilang mga corporate ID.

**ASEC. ARCENA:** Sir last question na. How is Secretary Duque. Is DOH operations affected noong report na may DOH senior official affected daw po ng COVID?

**SEC. NOGRALES:** Siyempre tuloy-tuloy pa rin po ang trabaho ng Department Health, hindi lang ng Department of Health, kung hindi lahat po ng mga ahensiya at departamento, ang mga kagawaran po ng gobyerno ay patuloy pa rin naman pong nagpa-function at nagta-trabaho. Ang nangyari lang naman sa executive branch is work from home. Pero, we made sure na iyong mga essential and frontline services po natin ay patuloy pa rin po. In-ensure din po natin na kahit frontline po iyan, skeletal workforce para ma-practice pa rin iyong social distancing. So government is still effective, government is still functioning, your government is still working, kaya nandito po kaming lahat to show to the public that we are doing our jobs po to the best that we can.

**Q:** How true daw po na nag-self quarantine si Secretary Duque?

**SEC. NOGRALES:** Siguro kung may mga announcements po na ganyan, hintayin na lang po natin iyong announcements.

**Q:** May we get the Palace statement, lalo na taga-DOH na iyong nag-positive sa COVID, iyong isang director nila?

**SEC. NOGRALES:** Hindi ko kasi alam, usually kasi mayroon tayong privacy of patients

**Q:** But parang naglabas ng statement ang DOH eh?

**SEC. NOGRALES:** Well, if naglabas po ng statement, naglabas ng statement. So, hintayin na lang po natin. I cannot speak on behalf of DOH kasi. So pasensiya na po.

ASEC. ARSENA: Iyon na po iyong huling katanungan. Sir, may closing statement po ba kayo?

**SEC. NOGRALES:** Gaya ng sabi ko patuloy pa naman tayo sa ating trabaho. Nagpapasalamat kami sa ating mga nasa private sector, nagpapasalamat po tayo sa ating mga kaibigan sa media

na nagpupuyat ngayon at talagang todo ang trabaho para maibalita sa ating mga kababayan ang totoong balita ‘no, at no to fake news. Again and again paulit-ulit po nating sasabihin, ang mensahe ni Pangulo kung magkanya-kanya po tayo hindi po tayo magtatagumpay, ang sabi ni Pangulong Duterte, together we can beat COVID-19, together we heal as one. Maraming salamat po.

**SEC. DAR:** Assuring again our constituents in the agriculture sector that movement of agri-fishery inputs, commodities and products are unhampered. We would like you to report, if there are still problems in terms of getting in to Metropolis, 09511443233, let me also mention that to really continue to stabilize prices in relation to this price freeze, we need to ensure the free movement of these commodities, so that there will be enough supply of food and other products in the Metro Manila. And again, nandiyan po tayo, ang Kagawaran ng Pagsasaka ay tumutulong para sa ganoon, during this crisis, in regard to COVID ay we will continue to work with the farmers, farmers cooperative and associations para continuous po iyong production and to have enough food supply today and in the future.

**SEC. LOPEZ:** One last appeal na pakiusap natin talaga sa lahat ng ating kababayan, pati dito sa mga na-exempt din na economic activities na nilimitihan sa foods, medicines, medical supplies: While kayo po ay ina-allow mag-operate pakiusap po namin doon sa may malalaking imbentaryo if you don’t have to manufacture at mabawasan muna iyong bumibiyahe sa kalye at iyong pagpasok ng mga employee, actually we will encourage you to stop operations and let iyong inventory ninyo, iyon muna ang mag-supply sa requirements ng mga supermarkets.

Malaki po ang maitutulong ninyo sa pagbawas ng population na lumalabas pa. Kasi ideally stay at home. So, iyong mga may one month, two month inventory ng finished goods, I suggest mag-holiday muna ang kumpanya at hayaang iyong imbentaryo ang lumabas, para makabawas na tayo sa operations sa labas. At siyempre ganundin doon sa mga raw material inputs ng mga nagsu-supply dito sa mga food manufacturing. At doon naman sa walang connection at all in these basic products – food, medicine, again medical products – iyong appeal natin ay talagang huwag na kayong munang mag-operate, hintayin na natin, no urgency, hintayin ninyo po iyong one month, para talagang wala nang lumalabas na kababayan natin.

Again para talagang mahinto na itong, it’s not the normal, kailangan po talaga makiisa tayo kung gusto nating masugpo ito. Because we don’t want to see na after 30 days ay magkakaroon pa at mayroon pa tayong COVID dito sa ating bayan. So kailangan po talaga maghinto na tayo. Iyong mga hindi importanteng gawain, huwag na nating ipilit lumabas. Thank you.

**ASEC. ARCENA:** Thank you Secretary Lopez, Secretary Nograles and Secretary Dar. Thank you MPC at sa lahat po ng mga kapatid natin sa media, thank you. That concludes our press briefing.

##

Source: PCOO-NIB (News and Information Bureau-Data Processing Center)